Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VI - Kanlurang Visayas
**SANGAY NG AKLAN**
Kalibo, Aklan

Hulyo 19, 2018

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 214 , s. 2018

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

**Para sa:** **Tagamasid Pansangay/Pampurok**
**Punongguro/Ulong Gurong Namumuno ng Purok**
**Punongguro/Ulong Guro ng mga Paaralang Pampubliko at Pambribadong Elementarya, Sekundarya at Integreyted**

1. Ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2018** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997.

2. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay "Filipino: Wika ng Saliksik."

3. Kalakip nito ay ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 119, s. 2018.

4. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap at pagpapatupad ng Memorandum na ito.

**Dr. SALVADOR O. OCHAVO, JR., CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 119, s. 2018 at
Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
LEARNING AREA, FILIPINO
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM

MST

Republic of the Philippines
# Department of Education

16 JUL 2018

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 119 , s. 2018

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2018** mula ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay Filipino: Wika ng Saliksik.

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loób ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. Filipino: Kasangkapan sa Pambansang Karunungan;
b. Kayamanang Kultural: Saliksikin Gamit ang Sariling Wika Natin;
c. Filipino, Isang Dakilang Pamanang-Bayan; at
d. Intelektuwalisasyon ng Filipino, Para sa Kaunlaran ng Bansa.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang patnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuoin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Ang mga ito ay hindi nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)**, Sangay ng Edukasyon at *Networking (SEN)*, Gusaling Watson, 1610 JP Laurel St., Malacañang Complex, San Miguel, Maynila sa telepono: (02) 736-2519; (02) 736-2524; (02) 736-2525 o email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com at website: www.kwf.gov.ph.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapapalaganap ng Memorandum na ito.

**LEONOR MAGTOLIS BRIONES**
Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg.: 58, s. 2017

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

MCR/ DM Buwan ng Wikang Pambansa
0405/May 15, 2018, 2018